DIKLAP 54

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
SOUTH QUEZON - BONDOC PENINSULA

DIKLAP ISYU NO. 19
OKTUBRE-DISYEMBRE 2022
4TH QUARTER

NEW PEOPLE'S ARMY
APOLONIO MENDOZA COMMAND
QUEZON

# Magpunyagi! Iwaksi ang mga bagahe, kumpunihin ang makina para muling paarangkadahin ang rebolusyunaryong paglaban ng mamamayan sa Quezon!



Naguumapaw na galit at disgusto ang nararamdaman ng sambayanang Pilipino sa gitna ng nakamamatay na krisis sa ekonomya at panunupil ng rehimeng Marcos II. Ang nagdaang mga buwan sa ilalim ng pamumuno ni Bongbong Marcos Jr. ay kaagad nagpakita ng palatandaan sa sambayanan na may panibagong delubyo sa ilalim ng isa pang Marcos na mananalasa sa mamamayang Pilipino sa darating na 2023.

Asahang hindi maglulubay ang mga imbing pakana at brutal na pananalasa ng rehimen sa taumbayan para ikubli ang naaagnas na larawan ng masagana at nagbabangong ekonomya sa bansa.

Sa lalawigan ng Quezon, dinaranas ng 2.2 milyong mamamayan ang walang-kapares na kahirapan na nagdala sa kanila sa bingit ng kagutuman sa panahon ng Kapaskuhan at ang walang-prenong paghahasik ng terorismo ng mga militar at pulis sa kanayunan para makamit ang desperadong target na mapawalang-saysay ang CPP-NPA sa bansa.

Ngayong buwan ng Disyembre napaulat ang pinakamataas na tala ng implasyon sa bansa na pumalo sa 8.1%. Singkahulugan ito na muling tataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin at ibayo pang pagbagsak ng halaga ng piso.

Ang probinsya ng Quezon ay isa sa mga probinsya ng bansa na nakasalalay ang kabuhayan sa kopra o niyog na inaani ng

*(sundan sa pahina 2)*

## NILALAMAN

**EDITORYAL**

Magpunyagi! Iwaksi ang mga bagahe, kumpunihin ang makina para muling paarangkadahin ang rebolusyunaryong paglaban ng mamamayan sa Quezon! p.1

**BALITA**

Magsasaka, patay matapos pagbabarilin sa San Francisco p.4

Panis na balita ng kabulaanan ng mga Militar at Pulis sa Quezon p.4

AFP, hibang sa pagdideklarang insurgency free ang Macalelon p.4

Ang kababaihan noong 1896 at ngayon p.5

AMC-NPA, nagdiwang ng ika-54 anibersaryo ng Partido p.5

**LATHALAIN**

Bagyong Paeng at iba pang kalamidad, palatandaan ng nasisirang kapaligiran p.6

Balik Tanaw: Ang Batas Militar sa Mata ng mga Kabataan Noon p.7

**KULTURA**

Kabataan, paglagablabin ang mapagpasyang diwa! Magarmas at tumungo sa kanayunan! p.8

Komiks: Inay ko po! p.12

Tula: GABI NG NOBYEMBRE p.12

**PULANG ALAMAT**

Ka Eleven p.10

Ka Guma p.11

Bihag-salita p.12

Alam n'yo ga? p.12

Ang DIKLAP ay ang rebolusyonaryong pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo-Leninismo-Maoismo sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Ito ang boses ng mamamayang nakikibaka at tagapamandila ng mga tagumpay ng digmang bayan sa SQBP.

Para sa inyong mga komentaryo, katanungan, panukala at mga kontribusyon, makipag-ugnayan lamang o i-email kami sa:**diklapquezon.ph@gmail.com**

**Magpunyagi!! Isulong...** mula sa p.1
magbubukid. Tinagurian ang mga magsasaka sa niyugan bilang pinakamahirap sa mga mahihirap na tao sa kanayunan ng bansa. Ayon sa Philippine Coconut Authority, aabot lamang ng P28-P35 ang farm-gate price ng kopra sa Quezon sa buwan ng Disyembre 2022.

Pero ang aktwal na presyo nito ay mas mababa pa sa mga pamilihan sa mga lokalidad. Mas malala, walang-tigil na ipinapatupad ng mga komprada at panginoong maylupa ang mababang pasahod sa mga manggagawang bukid, ang di-pantay na partihan sa ani at mga iligal na mga kaltas sa kopras.

Dahil rito lalong mababaon at hindi makakaiwas sa dagok ng implasyon ang magsasaka sa niyugan. Wala ring malasakit na harapin ng kasalukuyang rehimen ang kanyang tungkulin at pananagutan sa pagtulong sa mga biktima ng sakuna't kalamidad sa lalawigan.

Ang mamamayan ng Quezon ang naging pangunahing biktima ng Bagyong Karding at Paeng sa bansa. Umabot sa P1.043 bilyon ang pinsala sa agrikultura at sa iba pang sektor ng lalawigan; at tinatayang 122,107 indibdwal ang apektado dahil sa bagyong Paeng na ang kalakhang bahagi ay matatagpuan sa ikatlo at ikaapat na distrito.

Bagsak na nga ang presyo ng kopra, inanod pa ng bagyo't baha ang inaasahang handa para sa noche buena.

**Ang pagbabago ng klima ay resulta ng imperyalistang pandarambong at pagnenegosyo na pumipinsala sa kalikasan.**

Kailangang maging mapagbantay ang buong lalawigan sa nakaambang pagbabago ng klima sa daigdig o climate change. Ayon kay Prof. Jose Maria Sison, ito ang mga pangyayari na kailangang paghandaan sa mga susunod na panahon na maaring sumira sa daigdig, hindi pa ang pinangangambahang gera-nukleyar.

Ang pagbabago ng klima ay resulta ng imperyalistang pandarambong at pagnenegosyo na pumipinsala sa kalikasan. Kabilang ang lalawigan, sa nag-aambag ng malawakang pagkasira sa kalikasan sa tabing ng modernisasyon, ekoturismo at pribatisasyon.

Matatagpuan sa mga bayan ng Atimonan, Pagbilao at Mauban ang animo'y magka-kapitbahay na mga coal-fired powerplant (CFPs) sa lalawigan. Sa kabila ng mga napatunayang pag-aaral at epekto na dala ng CFP sa iba't ibang panig ng daigdig; at mga pagtutol sa nabanggit na proyekto, ay pikit-matang itinatayo ang mga ito sa buong lalawigan sa paghahangad ng lokal na naghaharing uri na gawing "energy capital" ang Quezon province.

Nariyan pa rin ang dambuhalang dam na itinatayo sa bayan ng Macalelon at General Nakar. Batay sa pag-aaral, malaki ang posibilidad na palulubugin ng Macalelon Dam ang buong bayan kasama ang ilang kalapit-baryo sa bayan ng General Luna habang ang Kaliwa Dam sa General Nakar ay wawasak sa libo-libong ektaryang lupaing-ninuno ng mga Dumagat-Remontado sa Hangganang Quezon-Rizal.

Ang mga nabanggit sa itaas ay mga proyektong magbibigay sana ng kalutasan sa matagal nang hinaing ng sambayanan sa mataas na presyo ng kuryente at tubig. Ang problema, hindi kinukunsidera ng gobyerno ang mamamayan. Sa paningin ng mga kapitalista at reaksyunaryong pamahalaan, kabilang na ang kalikasan at

**Kailangan tiyakin na maisalin sa kasalukuyang henerasyon ang mga aral ng magiting na paglaban ng bayan noong panahon ng Batas Militar ng diktador ng Ferdinand Marcos Sr.**

karaniwang mamamayan sa collateral damage at kabayaran ng proyektong pangkaunlaran na sa katotohanan ay kaunlarang agresyon sa buhay at kabuhayan ng taumbayan.

Kabilang din sa kalbaryo na dala ng mamamayan ng lalawigan ang pagpasok ng Prime Water Corporation at iba pa gaya ng LUPATA (Lucena-Pagbilao-Tayabas) Water District na naghahangad na kontrolin at isapribado ang serbisyo ng tubig sa ilang bayan at lungsod. Kabilang dito ang bayan ng Calauag sa nakaranas ng bulok na serbisyo at mataas na singil sa tubig.

Sabihin pang kasabay ng malaganap na krisis, ay ang walang patlang na paglabag sa karapatang pantao sa buong lalawigan. Lalong pinalalakas ng Southern Luzon Command ang kanyang kampanya sa peke at sapilitang pagpapasuko sa ilalim ng programang E-CLIP (Enhanced Comprehensive Local Integration Program).

Sa ilang lugar sa lalawigan, walang inorasan ang panhik-manaog ng mga intel at militar sa mga bukirin at pagpapatipon sa residenteng sibilyan para paulit-

ulit na interogahin, bantaan, at gamitin laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa bayan ng Gumaca, noong Oktubre, si Venerando Cereza ng Barangay Laguna ay itinuring na sumuko matapos na makuhanan umano ng gamit-militar ng NPA at si Julius Lacaba ng Barangay Villa Mendoza ay tinangkang arestuhin matapos mapagkamalang kumander ng NPA. Ilan lamang sila sa libo-libong mamamayan ng lalawigan na biktima ng pasismo ng estado.

Hindi pa rin naglulubay ang pangangampo ng militar sa mga tinutukoy nilang base ng CPP-NPA. Kung nasaan ang kampo-militar ng 59IB at 85IB ng 201st IBde naroon din pinakalaganap ang mga anti-sosyal na gawain tulad ng pag-iinom, pagsusugal, pornograpiya, pagsasamantala sa kababaihan at paglabag sa karapatang sibil ng mga sibilyan.

Ang pabigat-nang-pabigat na pasanin ng mamamayan sa bansa at lalawigan ang siyang maglalapit sa masang manggagawa at magsasaka sa landas ng armadong rebolusyon.

Dapat na itaas at patalasin ang kamulatan ng mamamayan sa kinakaharap na problema ng lalawigan. Malinaw na walang maasahan ang sambayanang Pilipino kay Bongbong Marcos. Ang ilusyong nililikha ng pamilyang Marcos gamit ang pambabaluktot ng katotohanan at kasaysayan ay malalabanan lamang sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na kampanyang edukasyon-propaganda. Kailangan tiyakin na maisalin sa kasalukuyang henerasyon ang mga aral ng magiting na paglaban ng bayan noong panahon ng Batas Militar ng diktador ng Ferdinand Marcos Sr.

Kailangang muling balikan at panghawakan ang mga aral sa kasaysayan ng paglaban sa probinsya ng Quezon. Ilang beses nang nagpamalas ng malakas at malaganap na paglaban ang masang magsasaka at iba pang uring api sa lalawigan. Ang mga pakikibaka at protesta sa kalsada ay dumadagundong hanggang sa mga bundok at nayon dahil sa pagsapi ng maraming mamamayan sa armadong pakikibaka ng New People's Army.

Sapat-sapat ang karanasan upang muling buhayin ang makauring paglaban ng masang magbubukid at pinagsasamantalahang mamamayan para itayo ang bag-as ng rebolusyonaryong organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran. Kailangang ikumbina ang paglaban ng uring magsasaka at mangagagawa sa mga panggitnang pwersa sa lalawigan. Mabilis na imulat at ipaunawa sa bagong binhi ng Kabataang Makabayan ang makasaysayan niyang papel na iambag ang sarili para sa digmang bayan.

> **Sapat-sapat ang karanasan upang muling buhayin ang makauring paglaban ng masang magbubukid at pinagsasamantala-hang mamamayan para itayo ang bag-as ng rebolusyonaryong organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran.**

Mapagpasyang igpawan ang mga kahinaan na nagpabalaho ng mga rebo-lusyunaryong gawain sa nakaraang ilang taon. Mabilis na iwaksi ang mga bagahe, kumpunihin ang makina para muling paarangkadahin ang rebolusyon. Simulan ito sa pagbabalik-aral ng mahahalagang sulatin ng dakilang Ka Joma kagaya ng Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido, Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin, Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan, Muling Pagtibayin ang Ating Saligang mga Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali, at ang Manindigan Para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo.

Ilunsad ang rebolusyong agraryo para lutasin ang pangekonomyang pangan-gailangan ng aping mamamayan sa kanayunan. Mula rito ay anihin sila sa pinaka-maraming balangay ng saligang organisasyong masa.

Ilunsad ang mga taktikal na opensiba para parusahan at mapanagot ang kriminal na 85IB at 59IB, kabilang ang mga yunit ng pulisya at Cafgu na sangkot sa kontra-rebolusyunaryong gera ng nagdaan at kasalukuyang rehimen.

Nagawang tumindig ng taumbayan sa harap ng mga pang-aapi't pang-aabuso dahil batid nila na makatwiran ang paglaban. Inaanyayahan ang lahat ng mamamayang naghahangad ng tunay na pagbabago at kasaganaan na sumapi, mag-ambag at tu-muwang sa tuluy-tuloy na pagpapalakas ng armadong pakikibaka ng New People's Army sa lalawigan.

Tanging ang hukbong bayan na pinamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang magtitiyak na may matibay na saligan ang masang magbubukid sa kanayunan. Gamit ang disiplinang bakal, makakaasa ang mamamayan ng lalawigan na lagi't laging tutupdin at panghahawakan ng Bagong Hukbong Bayan ang kanyang tungkulin na ipagtanggol ang uring api laban sa mapang-api at mapagsamantala.

## Magsasaka, patay matapos pagbabarilin sa San Francisco

Lalawigan ng Quezon -- Dahil sa awayan sa lupa, binaril ni Melencio dela Cruz Yare, 37 taong gulang, magsasaka sa Sityo Labrahan, Barangay Don Juan Verselos, San Franciso, ang kanyang nakakatandang kapatid na si Michael.

Pauwi na ng kanilang bahay si Michael kasama ang kanyang anak na si John Paul, nang bigla na lang siyang pagbabarilin ng kanyang kapatid noong September 29. Nadala pa si Michael sa ospital ngunit kalauna'y dineklarang nasawi dahil sa tama ng bala sa katawan.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng New People's Army sa lalawigan, "Ang pangyayari sa magkapatid na Yare ay salaminan ng pundamental na suliranin ng bawat magsasaka sa lalawigan -- ang kawalan ng lupa. Ang malalim na hidwaan ng mga magbubukid sa Barangay Don Juan Verselos ay dulot ng bigong pamamahagi ng lupa sa ilalim ng programang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Ginagamit din ng pamilyang Matias at mga engkargado nito ang naturang batas upang pagsalpukin at magtunggali ang mga magsasaka sa lugar."

Kaugnay pa, "Ginagamit din nito ang reaksyunaryong korte upang maging ligal ang pang-aagaw sa lupa ng mga lehitimong tenante sa naturang lugar. Kung kaya, sinumang may kakayahan na ituloy ang pag-aasikaso sa kasong agraryan ay siyang magmamay-ari ng lupang pinagtutunggalian ng mga magsasaka", dagdag pa ni del Mundo.

Ang mga bukirin sa Barangay Don Juan Verselos ay kabilang sa ekta-ektaryang lupa na pagmamay-ari ng Pamilyang Matias sa San Francisco

*(sundan sa pahina 5)*

## Panis na balita ng kabulaanan ng mga Militar at Pulis sa Quezon

Pinasinungalingan ng Apolonio Mendoza Command-New People's Army (AMC-NPA) sa lalawigan ng Quezon ang balitang pagsuko ng isang magsasaka sa Barangay Laguna, Gumaca noong Disyembre 3.

Ayon kay Police Major Rodelio Calawit ng 2nd Mobile Force Company, sumuko si Venerando Cereza dala-dala ang mga sinasabing patabing gamit-militar ng NPA sa kaniya.

Inugnay ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-NPA, ang tangkang pag-aresto ng mga pulis at sundalo kay Julius Lacaba sa Barangay Viila Perez noong October 26. Pinaratangan si Lacaba na kumander ng NPA at may dala-dalang granada sa kanyang koprasan.

"Sa kagustuhang ipakita na nanalo sila sa kanilang gera laban sa rebolusyonaryong kilusan, pilit at paulit-ulit nilang ginagamit ang kanilang panis nang kabulaanan para idagdag sa kanilang dinoktor na accomplishment report", ani del Mundo.

Tinuligsa rin ni Ka Cleo del Mundo ang mga sundalo at pulis na sangkot sa tuloy-tuloy na paghahasik ng takot at pekeng balita sa lalawigan.

"Kinukundina ng NPA-Quezon ang di-maawat na paggamit ng dahas at pagpapakalat ng pekeng balita ng 2nd Mobile Force Company at 85th IB sa ikatlo at ikaapat na distrito ng Quezon. Walang habas nitong ginagamit ang kampanyang kontra-terorismo upang magbigay katwiran sa kanilang magastos at maruming hangarin sa mamamayan."

"Hindi na mapapaniwala ang mamamayan ng Quezon. Buking na nila na para sa imbing layunin ng rehimen ang pagpapatahimik sa taumbayan sa gitna ng krisis na nararanasan nila," pagdidiin ni del Mundo.

## AFP, hibang sa pagdideklarang insurgency free ang Macalelon

Kahibangan ang pagdideklara noong Disyembre 13 ng 85th IBPA, PNP-Quezon kasama ang lokal na pamahalaan ng Macalelon na insurgency free o wala nang presensya ng rebolusyonaryong kilusan sa naturang bayan.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon, "Nagpapatawa ang 85th IB, PNP-Quezon at LGU matapos nilang ideklara na insurgency free ang bayan ng Macalelon.

Ang deklarasyon ay ginawa nina Lt. Col. Joel Jonson ng 85th IB, Col. Ledon Monte at Mayor Artemio Mamburao. Pumirma sila sa Memorandum of Understanding (MOU) ng nasabing deklarasyon.

Tuligsa ni Ka Cleo del Mundo, "Nangangahulugan itong may pabuya na hinihintay ang mga sundalo, pulis at lokal na pamahalaan para paghati-hatian. Nangangahulugan din lamang na ibubukas at ihahanda ang naturang bayan sa posibleng pagpasok ng negosyo at proyekto ng mga naghaharing-uri sa lalawigan."

Dagdag pa ng tagapagsalita ng NPA na wala nang makakapigil sa tuloy-tuloy na pagsasaayos ng dambuhalang Dam sa Barangay Vista Hermosa na posibleng magpalubog sa bayan sakaling magkaroon ng aberya sa konstruksyon at operasyon nito kapag nayari na.

"Nuknukan ng sinungaling si Lt. Col Jonson sa pagsasabing wala ng aktibidad ang NPA sa Macalelon. O ang 59th IB ba na dating may saklaw sa lugar ang tunay na bulaan? Inamin na ba ng 85th IB na pekeng balita ang malagim na pangyayari noong ika-15 ng Nobyembre 2021 nang walang-awang pinagbabaril

*(sundan sa pahina 5)*

## Ang nakikibakang kababaihan noong 1896 at ngayon

Inilunsad ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon ang Women's Forum bilang paggunita sa ika-159 taong kaarawan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, 2022.

Sa pagdiriwang ng kaarawan ni Andres Bonifacio, binalikan ng mga pulang mandirigma ang naging aral at kawastuhan ng pagpapatuloy ng bagong tipo ng rebolusyon sa kasalukuyang panahon. Kabilang sa mga naging aral sa buhay-pakikibaka ni Andres Bonifacio ang naging paglahok ng kababaihan sa iba't ibang larangan ng armadong rebolusyon. Kinilala ang natatanging papel ng kababaihan ng Katipunan tulad ni Gregoria de Jesus noong Rebolusyong 1896.

Idinaos ang Women's Forum sa temang "Ang Makabagong Gregoria De Jesus: Paano Maging Babae sa Gitna ng Digma". Kinatampukan ito ng malayang talakayan at mga kulturang pagtatanghal.

Iniluwal ng naging bahaginan ng mga karanasan ang iba't ibang mukha ng kalagayang sinuong ng kababaihan sa paglulunsad ng rebolusyon: sa yugto ng pagsibol o pagiging bagong pulang mandirigma at sa yugto ng paglahok sa armadong pakikibaka kung saan kinakaharap ang usapin ng pagkawalay sa pamilya, pagkawalay sa anak, magiting na pagharap sa kaaway, pagtangan ng gawain at pamumuno sa rebolusyon.

Ang Women's Forum ay inilulunsad ng itinatayong samahan ng kababaihan sa ilalim ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Tinatalakay sa mga pagtitipon ang iba't ibang tema na sasalubong at tutugon sa pabago-bagong kahingian ng panahon sa paglahok sa armadong rebolusyon. Nagsisilbing lugaran ito upang magkaroon ng malayang pagpapahayag at aralan sa bahagi ng kababaihan sa buhay at kamatayang pakikibaka.

Ani nga ng dakilang guro na si Mao Zedong, "Hawak ng kababaihan ang kalahati ng kalangitan."



Pulang Saludo: Bilang pagpupugay at pagdakila kay Kasamang Jose Maria Sison, nagsagawa ng 21 Gun Salute ang isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-NPA-Quezon

## AMC-NPA, Nagdiwang ng ika-54 Anibersaryo ng PKP

Ipinagdiwang ng Apolonio Mendoza Command-NPA-Quezon ang ika-54 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26.

Sa kabila ng tindi ng operasyong militar sa lugar, hindi napigilan ang mga yunit ng NPA at mga organisasyong masa na gunitain ang araw ng pagkakatatag ng Partido.

Tampok sa pagdiriwang ang iba't ibang pananalita at kulturang pagtatanghal ng mga organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran. Nagbigay-pugay din ang

*(sundan sa pahina 9)*

**Magsasaka, patay...** mula sa p.4

na matagal nang ipinagkakait sa mga magsasaka sa lugar.

"Kailangang kundenahin at itakwil ng uring magsasaka sa buong lalawigan ang mapang-aping patakaran na ito. Dapat na ilantad sa buong bayan na pinaiikot at sinasamantala ng Pamilya Matias sampu ng kanyang mga alipores ang kagustuhan at kahilingan ng mga magbubukid na magmay-ari ng lupa."

"Inutil ang DAR, inutil ang CARP, inutil ang anumang reporma sa lupa ng reaksyunaryong estado. Tanging sa armadong rebolusyon natin makakamit ang lupang matagal nang ipinagkait sa uring api at pinagsasamantalahan," ani del Mundo.

**AFP, hibang...** mula sa p.4

ang mag-asawang Jenna Orvinia at Rodel Llames matapos silang ituring na NPA ng 59th IB?", dagdag pa ni Del Mundo.

Ang nasabing insidente ay nagresulta ng pagkamatay ng kabayo ng mag-asawang Llames sa Sityo Batolinao, Barangay San Jose.

"Sino ang mas sinungaling sa 85th at sa 59th IB? Hindi na dapat bilhin ng mga mamahayag at taumbayan ang balitang ito."

# Bagyong Paeng at iba pang kalamidad, palatandaan ng nasisirang kapaligiran

Pamalagiang daanan ng mga natural na kalamidad tulad ng bagyo at lindol ang bansang Pilipinas. Ayon sa Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAG-ASA), karaniwang nasa 20 bagyo kada taon ang sumasalanta sa bansa.

Kung tutuusin, hindi na bago sa mamamayang Pilipino ang mga balita ng bagyo ngunit lagi paring nasosorpresa dahil hindi napaghahandaan ng reaksyunaryong gobyerno ang kagyat at pangmatagalang pagtugon sa problemang ito.

Mapapansin sa paglipas ng panahon na nagiging madalas ang pagpasok ng mahahabang panahon ng tagtuyot gaya noong 2019, ngayon naman ay wala-sa-panahon at mahabang tag-ulan, super typhoon, paglindol, malawakang pagbaha at pagguho ng lupa.

Isang malaking usapin sa kasalukuyan hindi lamang sa Pilipinas kundi ay sa buong mundo ang pagbabago ng klima o climate change na nagdudulot ng mga sakuna. Ipinapakita ng mga malawakan at malubhang pinsala tulad ng maramihang namamatay dahil sa malawakang pagbaha at iba pang epekto sa buhay at kabuhayan ang tumitinding pagkasira ng kalikasan.

Palibhasa'y kabi-kabila ang mga negosyong mapaminsala sa kabundukan at baybay-dagat at ilog tulad ng mga multi-nasyunal na kumpanya ng mga troso, minahan, powerplant, at iba pang mga plantasyon; hindi nakakapagtakang nagbago na ang balanse ng kalikasan kaya apektado rin ang klima at/o ang panahon.

Dagdag pa ang mga proyektong imprastraktura na bumubutas at tumatapyas sa mga kabundukan tulad ng mga kalsada, dam, eko-turismo, quarry at iba pa. Sinisira nito ang natural na daloy at proteksyon na nililikha ng kalikasan laban sa mga natural na kalamidad.

Nito lamang huling kwarto ng taon, nakaranas ang bansa ng mga tinaguriang super bagyo na puminsala sa kabuhayan at mga komunidad ng mamamayan. Isa sa matinding puminsala sa probinsya ng Quezon ang Bagyong Paeng noong ika-29 ng Oktubre habang bumabangon pa lamang din ang lalawigan sa katatapos na Bagyong Karding.

Tumaon pa ang pananalanta ng bagyong ito sa panahon ng anihan ng mga magsasaka. Sa looban lamang ng ilang araw, nag-iwan ng napakalaking pinsala ang naturang kalamidad.

Sa kabuuan, matapos ang bagyo tinatayang nagkakahalaga ng 281.39 milyong piso ang pinsala sa agrikultura, kapwa sa sektor ng pagsasaka at pangingisda. Habang tinatayang nasa 761.97 milyong piso ang pinsala sa iba't iba pang sektor sa lalawigan.

Sa unang mga tala ng Provincial Social Welfare and Development Office ng Quezon, puminsala ito sa 122,107 na indibidwal at 33,786 na pamilya. Malaking bilang ng naapektuhan ay sa Ikatlo at Ikaapat na distrito.

Aabot ng 753 barangay ang apektado habang 50 evacuation centers lamang ang gumana noong panahon ng Bagyong Paeng. Dagdag pa rito ang hindi bababa sa 802 na mga bahay na nawasak at 10,932 na mga bahay na bahagyang napinsala.

May kabuuang 7 nasawi at 5 nasugatan ang naitala ng ahensya. Idineklara ng pamahalaang panlalawigan ng Quezon ang state of calamity dahil sa malawakang pagkasira dulot ng Bagyong Paeng.

Sa bisa ng proklamasyon na ito, dapat na ilaan ng mga local government units (LGU) ang ayuda mula sa mga calamity fund para sa relief at rehabilitasyon ng lalawigan.

Higit na malaki ang pinsala ng nagdaang bagyo sa hanay ng maralita at mga magsasaka na kalakhang bahagi ng populasyon ng lalawigan. Halos kalahati ng populasyon ay nakaasa sa sektor ng agrikultura na malaki rin ang natamong pinsala.

Laging apektado ng kalamidad ang mga pananim ng mga magsasaka at hanapbuhay ng mga mangingisda. Sa pagkaantala ng trabaho apektado ang araw-araw na pagkukunan ng kabuhayan ng isang pamilya. Sa pag-aaral, lampas pa sa 1 taon ang kakailanganin para makabawi ang



mamamayan ng Quezon sa nagdaang sunod-sunod na pagtama ng bagyo.

Sa panahong nagdarahop at namamatay ang mamamayan, nasa panahon ng sosyalan at paglamyerda naman si Bong Bong Marcos sa ibang bansa. Laging huli o mas malala pa, hindi nakakarating sa mamamayan ang kinakailangan na tulong at rehabilitasyon matapos ang mga bagyo at sakuna.

*(sundan sa pahina 7)*

# BALIK-TANAW
*Ikalawang Serye*

# Ang Batas Militar sa mata ng mga Kabataan noon

### *Ang naging buhay ni Ka Melchor*

Nasa edad na labindalawang taong gulang si Ka Melchor noong idineklara ang Martial Law. Tanging ang pangangasiwa ng lupa ng isang kilalang pulitiko ng kanilang bayan ang pinagkukunan ng kanilang pamilya.

Para madagdagan ang kita at makaraos sa araw-araw, sumandig rin sila sa pangingisda at pagtatanim ng kamote, mais at saging. Kalaunan, umalis sila sa lupang ito at sumentro na lamang sa pangingisda.

Naging mahirap ang kabuhayan at malayang paggalaw noong panahon ng Martial Law. Ilan sa naging karanasan nila ang pagkontrol ng suplay ng bigas kaya nahirapan ang mga tao sa pagkain. Umabot sa punto na pati nami (lamang-ugat ng isang klase ng baging na matinik) ay pinag-aagawan ng tao dahil sa gutom.

May lumabas pa na kulay dilaw na bigas pero kuwarenta pesos naman kada salop.

Sa panahon na iyon, lahat ng labingwalong taong gulang ay obligadong magtreyning sa sundalo. Kahit si Ka Melchor ay napasama rin dito dahil kung hindi sila sasama sa pagtetreyning, iimbestigahan sila ng sundalo at paghihinalaang miyembro o suporter ng New People's Army (NPA).

Mayroong mga pagkakataon na kapag nagrerekorida ang sundalo, ninanakaw ang mga manok ng masa. May insidente na nakursunadahan ng sundalong opisyal ang asawa ng kanilang kapitbahay, dinala sa malayo ang lalaki saka ginahasa ang babae. Noong ipinatupad ang curfew, hindi sa barangay dadalhin kapag napick-up ng mobile ng pulis, diretso agad sa munisipyo kaya alas-nuwebe pa lang ng gabi, wala ng tao sa paligid.

Taong 1975 noong makapunta ang mga kasamang NPA sa kanila. Naunang naging NPA ang tiyuhin niya. Naorganisa siya ng tiyuhin niyang hukbo. Nakakasama na siya noon sa paghahakot ng suplay at pagpapaabot ng ulat sa mga kasama.

Piling mga kabataan ang binibigyan ng ganoong gawain na pagpapasa ng mensahe papunta sa ibang lugar. Ilalagay nila ang mga sulat sa loob ng kawayan at ibabangka sa kasunod na lugar.

Hanggang sa maging kasapi siya ng Partido Komunista ng Pilipinas at napaloob sa sangay, nakasama sa mga pagkilos sa kalunsuran, at nabigyan ng Batayang Kurso ng Partido. Naging lihim ang pagkilos nila sa baryo.

Noong dekada 80 natuto na ang tao sa lugar na magtanim ng gulayin. Tinulungan sila ng hukbo para maipalaganap ang kahalagahan at pamamaraan ng pagtatanim. Naging paraan ito upang makaagdong sa paghihirap ang taumbaryo.

Sa naging karanasan ni Ka Melchor, nasabi niyang "hindi maganda ang pagbababa ng martial law dahil puro paghihirap at pang-aabuso sa mamamayan ang nangyari.

"Paano magiging golden era yun? Ano man ang magustuhan ng sundalo sa bahay mo kukunin nila lahat yun. Manok nga na kabuhayan ng masa, isinasako pa. Sa madaling sabi, mga abusado. Nagsagawa ng pautang ang gobyerno sa mga mangingisda pero mga kakilala lang ang binigyan. Pakitang-tao para masabing nakatulong sila."

Kaya ang panawagan ni Ka Melchor sa mamamayan lalo sa mga kabataan, "Walang magiging pagbabago sa pag-upo ni BBM. Kung ano ang ginawa ng tatay, mas masahol pa ang anak. Kaya lumaban at magpakatatag para sa pagsusulong ng pagbabago sa sistema ng gobyerno na minimithi natin."

"Kung hindi kikilos ang hanay ng kabataan na susuporta sa kilusan, ang matatanda na ay tungo na sa pag-edad, dapat may mga bagong supling na magtutuloy ng laban. Layunin nating mabago ang sistema ng paggogobyerno. Kung hindi kikibo at tutulong kapwa ang matanda at kabataan, walang mangyayari. Kaya dapat mag-organisa at magparami ng hanay natin."

*Abangan ang susunod na serye ng mga testimonya tungkol sa Batas Militar na ilalabas sa Diklap.*


**Bagyong Paeng...** mula sa p.6

Pinasasapat na ng gobyerno ang tulong na ilang kilo ng bigas, sardinas, at noodles para sa nasalanta. Ang mga datos at impormasyon tungkol sa epekto ng kalamidad sa bawat pamilya ay naiiwan na mga nakasulat at pangalan na lamang sa papel na wala namang hakbangin.

Maiiwang mga kwento na lamang ang pangyayari. Kung hindi mismo ang mamamayan ang maggigiit ng serbisyo at ayudang dapat na nilang natatamasa, sa gutom sila mamatay kung nakaligtas man sa nagdaang kalamidad. Kailangan tiyakin ng mamamayan na ang pondong inilalaan para sa kalamidad ay direktang makarating at mapakinabangan nila.

Napapanahon para igiit ang paggamit at pagpapamahagi ng bilyong piso na pondo ng coco levy para sa kagalingan ng mga magniniyog lalo sa panahon ng kalamidad. Ang tanging maasahan ng sambayanan ay ang kanilang pinagsamang-lakas, ang tulungan, pagkilala sa mga karapatan at pagsulong ng mga karaingan at kagalingan.

# Kabataan, paglagablabin ang mapagpasyang diwa! Mag-armas at tumungo sa kanayunan!



### *Ako si Ka Allen, 22 taong gulang, kasapi ng Kabataang Makabayan*

Dahil sa palpak na pagtugon ng rehimeng Duterte sa pandemya, nagsulputan sa mga balita ang mga organisasyong masa na tahasang kumundena sa pagpapahirap ng gobyerno. Dito ako nagkaroon ng pagkakataon na sumali sa isang organisasyong masa ng mga kabataan sa aming lugar.

Dito ko nasaksihan ang pasismo ng mga sundalo't pulis sa pagpapatupad ng isang militaristang lockdown, tumampok din sa akin ang pambubugbog ng mga pwersa ng estado sa aking kababayan na naabutan ng curfew sa labas.

Makalipas ang ilang buwan, kinausap ako ng kasama upang imbitahang sumali sa Kabataang Makabayan. Kinwentuhan ako ng mga kasama tungkol sa pangunguna ng KM sa First Quarter Storm at kung gaano kalaki ang naging kontribusyon nito sa pagsusulong na mapatalsik ang rehimeng US-Marcos I hanggang sa kinailangan nitong maging isang lihim na organisasyon.


Nang tanungin ko ang mga kasama kung bakit pa kinakailangan ng KM sa lungsod, ang sabi nila ay dahil kailangang maihanda ang masa na yakapin ang armadong pakikibaka - ang pagrerebolusyon bilang kanilang programa. Dahil na rin sa patuloy na panunupil ni Duterte sa hanay ng mga kabataan, marami pa sa mga kapwa ko estudyante ang nagpahayag ng pagsuporta sa armadong pakikibaka, at kalauna'y sumali rin sa KM.

Sa pagsali ko sa KM, lalo pang lumalim ang kaalaman ko sa gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Mas namulat din ako sa mga suliranin ng mamamayan na hindi pinapalabas sa mga telebisyon o radyo. Kabilang ang pagyurak sa karapatang pantao ng masa dahil mismong AFP at PNP, na may mga sinumpaang tungkulin na protektahan ang mamamayan, ang nangunguna sa paglabag nito.

Palakas nang palakas ang tawag ng pangangailangan sa kanayunan sa bawat pasok ng balita ng mga magsasakang hinaharas ng sundalo sa mismong bahay nila at mga berdugong militar na hindi nirerespeto ang mga karapatan sa ilalim ng batas ng digma.

Nang magkaroon ako ng oportunidad na makabisita sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan, nagkaroon ako ng pagkakataon na makipagtalakayan sa mga kasama at masa hinggil sa karanasan nila sa kamay ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya komprador. Hindi na umaasa ang magsasaka sa mga "responsableng" ahensya ng estado dahil mga sangay mismo ng reaksyunaryong gobyerno ang nagiging tulay para lokohin at takutin ang magsasakang dumudulog sa kanila para sa usaping agraryo.

Sa kwento pa nga ng masa, nagkaroon lang ng kalutasan ang mga problema nila sa lupa nang



dumating ang yunit ng mga kasamang NPA sa kanilang erya dahil sa rebolusyong agraryo.

Makalipas ang ilang araw, nagpasya na akong buong panahong kumilos kasama ang Hukbong Bayan at masang magbubukid. Buong tapang kong hinarap ang lahat ng mga kontradiksyon.

Ang papalubhang krisis sa lipunang Pilipino ay nagsisilbing malaking hamon sa aming mga kabataan na igpawan ang indibidwal na kontradiksyon upang direktang lumahok sa mas malaking kontradiksyon ng tunggalian sa uri.

Sa panunumbalik ng mga Marcos sa estado-poder, tungkulin naming bitbitin ang diwa ng Kabataang Makabayan sa kanayunan at isanib ang aming angking liksi at talino sa Hukbong tunay na pumoprotekta sa mamamayan.

## *Ako si Klara*

Lumaki ako na ibinibigay sa akin ang lahat ng aking pangangailangan.

Dahil sa maalwang pamumuhay, hindi ko isinasangkot ang sarili sa mga usaping pampulitika dahil iniisip ko noong mga panahong yun na aksaya lamang ito sa aking oras at nakakakain naman ako ng sapat. Magbabago ang lahat ng ito nang imbitahan ako ng aking kaibigan na mangampanya para sa Eleksyong 2022.

Dito na ako nagsimulang mamulat at maorganisa. Sumama ako sa iba't ibang mga komunidad at doon ko nasaksihan ang paghihirap ng mga taong napapabayaan, mga taong hindi naabot ng serbisyong panlipunan. Idagdag pa ang malawakang anomalya at pananabotahe sa resulta ng eleksyon.

Dahil dito, napagtanto ko na hindi eleksyon ang sagot sa patuloy na paghihirap ng mamamayan. Dito na ako narekluta bilang kasapi ng Kabataang Makabayan.

Bilang kasapi ng KM, mas lalong lumalim ang aking kaalaman sa tunay na kalagayan ng bansa. Kung kaya, nagpasya ako na buong panahon na kumilos para magmulat at mag-organisa ng mga kabataan.

Hindi ko malilimutang karanasan ang paglubog ko sa isang komunidad ng mga magsasaka. Sabik na sabik sila at ang mga kabataan sa mga pag-aaral at kulturang pagtatanghal na idinadaos sa kanilang lugar. Nakatulong din ito upang lubusan kong mapagtanto ang kawastuhan ng aking pasyang buong panahong pagkilos sa hanay ng mga inaapi at pinagsasamantalahan.

Gayunpaman, sa proseso ng aking pagkilos, naranasan ko ang sunod-sunod na pagbabanta, paniniktik at intimidasyon. Lalo kong kinamuhian ang reaksyunaryong gobyerno at higit itong nagbigay ng linaw sa katotohanang may mga tumatangan ng armas para ipaglaban ang kanilang karapatan.

Kaya hindi ako nag-atubili nang magbukas ang isang sonang gerilya sa pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Dalawang araw lang ang bisita na iyon, pero nag-extend ako at wala pang isang linggo ay nakita ko na ang pangangailangan ng mga katulad kong kabataan sa loob ng Hukbong Bayan.

Mapagpasya kong nilutas ang mga suliranin at mga kontradiksyon ng isang tipikal na kabataang Pilipino na minsang nangarap na ibangon ang pamilya sa kahirapan.

Sa proseso nang aking pakikipag-aralan sa mga kasapi ng NPA, higit kong naunawaan na wasto ang landas ng demokratikong rebolusyong bayan. Napatunayan ko ring malawak pa ang lipunan – ang kanayunan para pag-aralan at nararapat na mapagpasyang umalpas sa de-kahong kaisipan na ipinatimo sa loob ng mga burges na paaralan at tahanan.

***Makatarungan ang magrebolusyon, makatarungan ang mag-armas! Sumapi sa New People's Army!***

**AMC-NPA...** mula sa p.5

mga pulang mandirigma at kumander sa pagkamartir ni Kasamang Jose Maria Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP-Marxismo-Leninismo-Maoismo.

"Mahaba ang pila ng kwalipikadong pinuno na hahalili at magtitiyak ng sulo na minsang hinawakan ni Tagapangulong Joma. Ang mga sinag ng sulong ito ay umaabot ang liwanag hanggang mga baybayin at kabundukan ng Sierra Madre at Bondoc Peninsula. Tiyak ang maaliwalas na bukas ng mamamayan ng Quezon at buong bansa," pahayag ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-NPA.

"Ang natapos lamang ay ang kanyang buhay, pagsisimula ito ng panibagong yugto ng pagbangon at pag-usbong ng mga bagong Ka Joma sa bawat rebolusyunaryong Pilipino sa landas ng pambansa demokratikong pakikibaka at ganap na kapayapaan," diin ni Ka Cleo del Mundo.

# Pulang saludo kay Kasamang Eleven! Tahakin ang rebolusyonaryong landas na kanyang naiwan!

Nabawasan ng matapang at magiting na pulang kumander ang NPA sa larangan ng South Quezon-Bondoc Peninsula. Nanawagan kami sa lahat ng kauring magsasaka ni Ka Eleven at iba pang inaaping mamamayan na tahakin ang armadong landas at punuan ang nabakanteng rebolusyunaryong tungkulin niya.

Namartir sa isang labanan si Fernando ANamartir sa isang labanan si Fernando Anda, Jr, kilalang si Ka Eleven sa rebolusyunaryong kilusan noong ika-11 ng Oktubre, 2021 sa Barangay Recto, General Luna.

Si Jay-ar ay ipinanganak noong ika-30 ng Marso, 1989 sa bayan ng Lopez. Nagmula siya sa rebolusyunaryong pamilya ng uring magsasaka. Ang kanyang ama ay kilalang lider rebolusyunaryo sa lokalidad at kabilang sa mga masigasig na kumilos sa panahon ng pagpupundar ng armadong kilusan sa SQBP noong dekada 80.

Responsableng anak si Jay-ar sa kanilang pamilya. Hindi niya natapos ang elementarya dahil maaga na siyang sumabak sa gawain sa bukid. Bago siya nagpultaym at noong kasiglahan ng paggampan niya ng gawain sa baryo, naisasabay niya ang paghahanapbuhay para makatuwang sa pagtataguyod ng kanilang pamilya.

Bukod sa pagiging magsasaka sa niyugan, pinasok ni Jay-ar ang iba't-ibang trabaho kaya may mga panahong



nakapangibang-bayan siya.

Noong Hunyo 2018, nagdeklara siyang kumilos ng buong panahon sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Itinulak ito ng mainit na panawagan ng kilusang pagwawasto sa pangangailangang ang mga rebolusyunaryong puwersa sa lokalidad ay lumahok sa armadong pakikibaka at humawak ng mas malalaking tungkulin lampas at labas ng kanilang mga baryo. Sila ni Ka Marwin, na isa na ring martir, ang kabilang sa tumugon sa panawagang ito.

Maiksi ngunit makabuluhan ang mahigit tatlong taon na pagseserbisyo ni Ka Eleven sa Bagong Hukbong Bayan at aping magsasaka sa kanayunan ng SQBP. Tinupad niya ang sumpang buhay man ay ialay para sa bayan, at ito ang naghatid sa kanya para mapabilang sa dambana ng mga bayani ng rebolusyong Pilipino.

### *SI KASAMANG RB*

Mga magulang at kapatid ni Jay-ar ang mismong nagmulat at mag-organisa sa kanya, kasabay nito ay nakasalamuha niya ang NPA sa murang edad. Sabi niya sa kanyang Rebolusyunaryong Talambuhay, "sumasamâ ang loob ko sa pananabik sa mga kasama kapag matagal ko silang hindi nakikita dahil hindi napapadaan sa lugar namin."

Taong 2005 nang marekrut siya sa Kabataang Makabayan. Dahil menor de edad pa hinding-hindi siya mapahintulutang bigyan ng armadong tungkulin sa NPA. Gayunman, ipinakita ni Jay-ar bilang aktibistang kabataan na walang malapit o malayo, walang magaang o mabigat, at walang maliit o malaking tungkulin basta ito ay para sa pagtataguyod sa Bagong Hukbong Bayan.

Hindi niya makakalimutang karanasan bilang aktibistang kabataan nang minsang masalubong siya ng nag-ooperasyong sundalo habang may dala-dalang isang sakong dahon ng gabi na panggulay ng NPA. Dahil likas na matalino at mabilis mag-isip, nalusutan niya ang mga sundalong nag-imbestiga sa kanya.

Taong 2016 na nang muling masumpungan ng yunit ng NPA si Jay-ar na noon ay kababalik mula sa pagtatrabaho kung saan-saang lugar. Walang pagdadalawang-isip na muli siyang nag-aktibo, na noo'y gumamit ng pangalan sa pakikibaka na -- Ka RB—dito na siya magiging bantog na puwersa ng rebolusyon sa lokalidad.



### *KUMANDER NG MILISYANG BAYAN*

Noong Agosto 2017, nanguna si Ka RB sa pag-oorganisa sa kanilang baryo para mapagtapos ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar ang mga kapwa niya milisyang bayan. Nahirang na punong kumander si Ka RB ng laking platun na yunit milisyang bayan.

Nanguna si Ka RB sa pagrerekrut ng mga bagong kasapi ng YMB at tumulong siyang magmulat at mangumbinse ng mga magsasakang sasanib at sasampa sa NPA. Lalong sumigla ang rebolusyunaryong gawain sa kanilang lokalidad sa paglahok ng masa sa pakikidigmang gerilya.

Ang pamumuno ni Ka RB ay mahusay niyang naisasagawa sa pagiging mahusay na ehemplo sa anumang gawain. Sa kabila ng mababang literasiya, ipinakita niya sa kapwa rebolusyunaryo na kaya niyang manguna sa pagpapatakbo ng mga pulong, pakikipagtalakayan, pagbibigay ng pag-aaral at pag-oorganisa ng komprehensibong gawain sa lokalidad.

### *REBOLUSYUNARYONG PAG-AAMBAG*

Kadreng panlarangan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Platun Kumander ng Bagong Hukbong Bayan si Ka Eleven nang siya ay mamartir.

Mabilis ang naging pag-unlad ni Ka Eleven bilang kadre ng Partido at kumander ng hukbong bayan sa maiksing tatlong taon ng kanyang pagiging pultaym na gerilya ng Apolonio Mendoza Command.

Maraming taktikal na opensiba at aksyong militar ang sinamahan at pinangunahan ni Ka Eleven.

Mahalaga ang naging papel ni Ka Eleven sa panahon ng pananalasa ng kontra-rebolusyunaryong gera ng rehimeng Duterte. Isa siya sa mga pulang kumander ng Apolonio Mendoza

Command na hindi napapagod mag-isip kung papaano haharapin ang napakahigpit at napakabangis na focused military operations ng JCP-Kapanatagan.

Isang karanasang hindi makakalimutan ang pangunguna niya kasama ang iba pang kumander na maitawid sa ilog ang yunit na napalaban sa kasagsagan ng pursuit operations at bagyo. Laging maaalala ng mga kasama ang larawan ni Ka Eleven na nakatayo sa gitna ng kawayang ginawang tulay para isa-isang itawid ang mga NPA sa malaking ilog.

*KUWENTONG BARBERO*

Ang matapang at magiting na kumander ay isa ring mahusay na barbero. Bahagi ng serbisyo ng yunit ng NPA ang libreng gupit sa masang magsasaka. Isang bagay itong tatatak sa isipan ng mamamayan ng SQBP na nakasalamuha si Ka Eleven.

Bawat kasama, bawat masa ay siguradong may kanya-kanyang masayang kuwento tungkol kay Ka Eleven. Natural siyang komikero, mahusay na impersonator o manggaya ng boses at galaw ng mga tao, napakasarap magluto at sa panahong malakas ang loob niyang magtalumpati sa mga programa, siguradong pasasayahin niya ang mga tagapakinig. Mahilig rin siyang kumanta kahit laging mali ang kanyang lyrics.

Si Ka Eleven ang pulang kumander na mahinahon, simpatiko, maalalahanin at laging magiliw sa kasama at masa.

Malaking kawalan si Ka Eleven sa rebolusyunaryong kilusan ng South Quezon-Bondoc Peninsula. Ipinagdiriwang ng mamamayan ang buhay-at-kamatayang pakikibaka ni Ka Eleven, kasabay nito ay nagngingitngit ang rebolusyunaryong kilusan sa kaaway. Lahat tayo ngayon ay nakakuyom ang kamao at nagpupuyos ang galit laban sa mga kaaway ng rebolusyon.

Patuloy lamang mabibigyang kabuluhan ang rebolusyunaryong pag-aambag ni Ka Eleven kung ipapagpatuloy rin ng kanyang nauulilang masang magsasaka at iba pang inaaping uri ang naputol niyang armadong pag-aambag.

***Dakila ka Ka Eleven! Bayani ka ng Sambayanan! Hindi ka malilumutan ng mamamayang iyong pinaglingkuran!***

# Pulang saludo para kay Ka Guma!



Huwaran ng katatagan at katapangan!

Nagdadalamhati ngayon ang buong rebolusyonaryong mamamayan ng lalawigan sa pagkamartir ni Rhoderick "Ka Guma" Sinas, bayani ng uring proletaryado at karamay ng uring magbubukid sa lalawigan.

Si Ka Guma ay nasawi sa isang engkwentrong labanan noong Nobyembre 12, 2021 sa Barangay Gitnang Barrio, Gumaca ganap na 9:30 ng gabi.

Hindi kayang tumbasan ng kahit anumang bagay sa daigdig ang mga naging ambag at aral na ibinahagi niya sa mga kasama at masang magsasaka. Sa limang taon ng kanyang pagkilos bilang pulang mandirigma at kumander, nagpamalas siya ng hindi matatawarang katatagan at tapang sa pagharap sa krisis, sakripisiyo, hanggang sariling buhay ay kanyang ialay.

Tulad ng iba pang mga manggagawa sa kalunsuran, naranasan niya ang pagsasamantala sa loob ng pabrikang pinasukan. Nasaksihan niya mismo ang epekto ng malawakang tanggalan sa trabaho sa ngalan ng tubo at patuloy na pagpapasasa ng mga kapitalista sa kanilang lakas paggawa; mga kalagayan na nagtulak para tahakin niya ang landas ng armadong rebolusyon at maghangad na lagutin ang tanikala ng pagkaalipin ng uring proletaryado.

Si Ka Guma ay tubong Zamboanga del Sur na ipinanganak noong Nobyembre 9, 1988.

Mananatiling buhay sa isip at laging magiging bukambibig ng bawat masang maglulukad sa South Quezon-Bondoc Peninsula ang mga kwento ng isang masayahin at matatag na Ka Guma.

Pinatunayan ito isang labanan kung saan siya nasugatan at napawalay sa mga kasama. Pumunta siya sa isang lokal na manggagamot at pinili niyang magpagaling dito sa gitna ng masinsing operasyon at walang puknat na kampanyang pagpapasuko ng kaaway sa lugar.

Ngunit patuloy siyang nanindigan sa rebolusyon.

Sa kabila ng kanyang sugat, pinilit niyang maglakad at humanap ng ligtas na lugar. Matagal siyang napawalay sa mga kasama pero ni kailanman ay hindi sumagi sa kanyang isip ang sumuko at magbuhay sibilyan na lamang.

Kahanga-hanga ang taas ng kanyang pampulitikang pagkilala at pag-unawa sa hirap at sakripisyo. Bahagyang napilay si Ka Guma dahil sa pinsalang tinamo pero kailanman ay hindi nakarinig ang yunit ng daing sa kanyang kapansanan. Sa halip na panghinaan at maghanap, ginagawa niya ang lahat ng pamamaraan upang makatuwang sa yunit ng hukbo at masang magsasaka. Pagpapakita ito na tumatak at nanuot na sa isip ni Ka Guma ang prinsipyo ng "simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka".

Sa harap ng matinding atake luwal ng desperasyon ng kaaway na durugin ang CPP-NPA sa lalawigan, hindi lamang si Ka Guma ang pinanday ng marahas na pakikihamok para ipaglaban ang uring inaapi at pinagsasamantalahan. Ang tapang at katatagan ay nananatiling tatak ng hukbong bayan at rebolusyunaryong mamamayan sa lalawigan.

Sa kanyang pagkamartir, kay Ka Guma ang pinakamataas na pagpupugay. Kuhanan natin ng inspirasyon ang pagpapakatatag ni Ka Guma bilang isang rebolusyonaryo!

***Mabuhay ang Uring Manggagawa!***

***Manggagawa, tumungong kanayunan! Ipagpatuloy ang armadong pakikibaka ni Ka Guma!***

## KOMIKS INAY KO PO!




## TULA

### GABI NG NOBYEMRE

*ni Ka Gelacio*

Nagpapaligsahan ang tunog
ng ragasa ng agos ng ilog
at ng kabog
ng pintig ng aking puso.

Hindi ko masisid ang lalim
ng nararamdamang pangamba
at paghihintay na makalusong
mula sa pagkakatayo sa ibabaw
ng maliit na gulod.

Magkakahilera tayong pigil-hininga
sa pagmamasid sa martsa
ng mga Hukbong nauna
sa maiksing kurbada ng ating ruta.

Sagitsit ng mga punglo
ang tumapos
sa aking pagkainip.

Nakahanda kaming lahat
noong gabing iyon ng Nobyembre,
pero hindi sa iyong pagkamartir,
Ka Guma.

Pinatingkad ng liwanag ng buwan
ang mapula mong dugo
na inanod ng ilog papuntang karagatan.

Ikaw, at ang mga tulad mong nagbantay
sa gabing nakaburol ang ating kalayaan
ang laging alaala ng mahabang
paglalamay.

## ALAM N'YO GA?

Noong dekada '60 nasa namumunong posisyon si Ka Jose Maria Sison ng hayag nakilusang masa kabilang rito ang mga organisasyon na lumitaw sa panahon na ito tulad ng Kabataang Makabayan, mga unyon ng manggagawa at ilang mga progresibong grupo tulad ng Movement for the Advancement of Nationalism (MAN) hanggang maitayo ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968.

Lumakas ang kilusang masa at nagmobilisa ng libo-libong mamamayan mula sa iba't ibang sektor hanggang sa lumundo sa pagsiklab ng Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970. Mahigit 50,000 ang dumalo sa pagkilos na marahas na dinahas ng mga militar at pulis. Ang Sigaw ng Unang Kwarto ng 1970 ay isang malaking igpaw sa pag-unlad ng kilusang masa sa kalunsuran.

## BIHAG-SALITA

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | G | L | U | L | U | K | A | D | M | A | T | R | U | C | B | L | K | M | C | M | L | M | S |
| G | R | Y | O | I | O | H | A | T | I | A | N | K | L | K | B | D | K | K | G | D | K | O | I | R |
| D | O | E | U | R | S | R | T | H | A | A | I | S | K | O | O | B | G | O | P | Y | G | U | N | E |
| B | Y | U | B | A | P | I | Y | U | R | I | D | L | P | R | Y | O | I | A | O | U | I | B | I | Y |
| K | E | O | Y | O | U | O | Y | U | B | O | U | P | B | V | M | K | L | S | P | S | T | U | M | U |
| E | T | P | K | U | L | U | S | P | H | O | I | K | E | L | H | O | Y | O | Y | P | B | D | U | I |
| O | P | Y | O | H | I | U | P | A | I | H | L | L | I | S | K | A | P | U | U | P | Y | U | M | O |
| O | Y | N | G | U | O | D | S | U | P | U | O | C | B | K | I | O | P | L | D | I | K | L | A | P |
| O | O | G | U | O | S | A | U | Y | O | C | I | U | P | U | S | T | U | T | S | I | B | L | I | E |
| M | A | G | S | A | S | A | K | A | O | M | A | L | A | P | Y | U | D | A | L | U | I | A | E | T |
| A | U | S | B | R | T | B | Y | C | C | N | K | U | A | U | P | P | I | O | I | O | U | T | E | O |
| K | R | Y | P | T | U | Y | I | E | I | O | G | P | U | G | T | A | Y | U | S | O | I | T | Y | E |
| S | T | U | R | Y | N | D | R | B | U | P | B | A | S | I | Y | S | O | U | M | O | Y | T | B | S |
| I | Y | O | Y | A | P | T | Y | A | O | U | H | I | G | I | E | U | T | Y | O | B | Y | K | O | Y |
| M | H | A | H | E | A | H | U | J | M | S | B | G | E | R | E | S | I | K | A | D | A | O | J | U |
| U | A | B | F | A | B | Y | P | O | Y | H | G | S | P | Y | A | K | P | U | G | O | T | P | K | T |
| M | A | C | B | I | H | P | R | O | D | U | K | T | O | Y | U | R | I | O | L | T | S | R | L | D |
| O | Y | A | Y | O | B | B | Y | T | R | E | O | N | M | L | K | D | Y | B | K | C | P | O | N | B |
| U | B | K | D | E | G | H | L | M | C | O | H | U | L | L | I | I | P | O | B | Y | I | R | O | U |
| I | T | A | A | S | A | C | B | D | E | U | O | U | J | K | N | I | O | B | C | K | D | A | Y | O |

1. Rebolusyong agraryo
2. Minimum
3. Maksimum
4. Usura
5. Hatian
6. Pyudalismo
7. Malapyudal
8. Maglulukad
9. Kopra
10. Rekisada
11. Niyog
12. Cocolevy
13. Lupa
14. Upa
15. Ibaba
16. Sahod
17. Presyo
18. Produkto
19. Itaas
20. Magsasaka

BONUS
1. JMS
2. BHB
3. NPA
4. DRB
5. Diklap